

## Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Cricket Wireless

Binago Noong Oktubre 29, 2021.

Welcome sa Cricket Wireless. Ikinalulugod naming maglingkod bilang iyong wireless service provider. Nakalaan sa amin ang karapatang palitan o baguhin ang Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng ito ("Mga Tuntunin") anumang oras na agad na magkakaroon ng bisa kapag na-post sa website ng Cricket sa [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com). Pakitingnan ang aming website paminsan-minsan dahil maaaring magbago ang Mga Tuntuning ito.

Kasama sa Mga Tuntuning ito ang mga tuntunin at kundisyon para sa aming mga produkto at serbisyo. Sa pamamagitan ng pag-activate, paggamit, o pagbabayad para sa alinman sa mga produkto o serbisyo ng ito, tinatanggap mo at sumasang-ayon kang mapailalim sa Mga Tuntuning ito. Kung hindi ka sumasang-ayon, makipag-ugnayan kaagad sa amin upang kanselahin ang iyong order at/o serbisyo at ibalik ang anumang produkto.

**Pakibasa nang maigi ang Mga Tuntuning ito. Iniaatas ng mga ito sa amin na lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng magkahiwalay na arbitrasyon sa halip na mga arbitrasyon ng husgado o class action. Nasasaklawan din ng mga ito kung paano namin pinapangasiwaan ang iyong impormasyon, kabilang ang impormasyong nauugnay sa iyong Cricket account at sa iyong lokasyon.**

### Mga Pangkalahatang Kahulugan

Sa Mga Tuntuning ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan: (a) tumutukoy ang "Cricket," "kami," "namin," at "amin" sa Cricket Wireless; (b) tumutukoy ang "ikaw," "iyo," "mo," "user," "subscriber," o "customer" sa may-ari ng account o sinumang bibili, mag-a-activate, o gagamit sa Mga Serbisyo ng Wireless na ibinibigay namin; (c) ang ibig sabihin ng "Device" ay anumang compatible na karaniwang telepono, smartphone, o tablet na ibibigay o ibebenta namin o ng isang awtorisadong lokasyon ng retail ng Cricket sa iyo, o magmumula sa iyo, at ia-activate namin gamit ang isang Cricket SIM card sa iyong account; (d) ang ibig sabihin ng "(Mga) Serbisyo" o "(Mga) Wireless na Serbisyo" ay anumang wireless na serbisyo ng ibinibigay namin o bumabanggit sa Mga Tuntuning ito at kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, aming mga rate at plan ng serbisyo, serbisyo sa pagsingil, alok, promotion, application, program, produkto, feature, software, o anumang Device sa iyong account; (e) ang ibig sabihin ng "Mga Singil" ay anumang singil, buwis, surcharge, at bayarin sa pag-access at paggamit, kasama ang mga bayarin sa pag-recover ng gastos sa pagkontrol, bayarin sa pamahalaan (direkta mang sinisingil sa iyo o sa Cricket) at iba pang singil na maaari naming isingil sa iyo o mga singil na tinanggap o naiproseso sa iyong Device gaya ng inilalarawan nang mas detalyado sa seksyong "Mga Singil" sa ibaba.

## Kasunduan sa Customer ng Wireless

Ang Mga Tuntuning ito ay bahagi ng iyong Kasunduan sa Customer ng Wireless ("Kasunduan") at bumubuo ng kontrata sa pagitan mo at ng Cricket na nalalapat sa lahat ng Device at Wireless na Serbisyong ibinibigay sa iyo. Kasama rin sa iyong Kasunduan sa amin ang: (a) aming Patakaran sa Privacy na available sa [www.cricketwireless.com/privacy](http://www.cricketwireless.com/privacy); (b) aming mga rate plan, at iba pang materyal ng transaksyon, kabilang ang anumang resibo o buod ng serbisyong lalagdaan at tatanggapin mo, o ibibigay sa iyo, at anumang materyal ng kumpirmasyon ng transaksyon na maaari naming ibigay sa iyo; (c) anumang tuntunin at kundisyon para sa mga wireless na produkto, serbisyo, feature, promotion, at application na hindi inilalarawan sa Mga Tuntuning ito na ibibigay namin sa iyo o gagawin naming available sa website ng Cricket sa [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com) (sama-samang tinatawag na "Mga Karagdagang Materyal"); at, (d) ang aming Mga Patakaran (gaya ng inilalarawan sa ibaba). Kung sakaling magkaroon ng anumang salungatan sa pagitan ng Mga Tuntuning ito at anumang Karagdagang Materyal o Patakaran, mananaig ang Mga Tuntuning ito.

## Pagtanggap sa Mga Tuntunin

Isinasaad mong ikaw ay hindi bababa sa 18 taong gulang at/o pinapahintulutan ka ng batas na tanggapin ang Mga Tuntuning ito at pumasok sa Kasunduan ito. Magsisimula ang iyong kasunduan sa Cricket kapag tinanggap mo ang Mga Tuntuning ito sa pamamagitan ng: (a) pagbibigay sa amin ng nakasulat o electronic na lagda o pagsasabi sa amin na tinatanggap mo ito, o sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga ito gamit ang anumang iba pang naka-print, binibigkas, o electronic na paraan; (b) pagbabayad para sa Serbisyo; (c) pag-activate sa Serbisyo; (d) paggamit sa o pagtatangkang gamitin ang Serbisyo sa anumang paraan; (e) pag-upgrade o pagbabago sa Serbisyo; (f) pagbubukas ng anumang packaging ng Device; (g) o pagbubukas ng anumang application, program, o software na nagsasaad na tinatanggap mo ito. Kung ayaw mong tanggapin ang Mga Tuntuning ito, huwag gawin ang alinman sa mga pagkilos na ito.

## Mga Patakaran

Ang Mga Serbisyo ay napapailalim sa aming mga patakaran, kagawian, at pamamaraan sa negosyo ("Mga Patakaran"), kasama ang aming Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit sa [www.cricketwireless.com/aup](http://www.cricketwireless.com/aup). Sumasang-ayon kang sundin ang aming Mga Patakaran kapag ginamit mo ang aming Mga Serbisyo. Ang aming Mga Patakaran ay maaaring magbago anumang oras at magkakaroon ng bisa kapag na-post sa website ng Cricket sa [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com).

## Iba Pang Tuntunin

Ang iba pang tuntunin at kundisyon, kasama ang mga kasunduan sa lisensya ng end user, ay nalalapat sa ilang partikular na application, software, produkto, program, serbisyo, promotion, at feature na ibibigay namin sa iyo, na makukuha mo mula sa isang third party sa pamamagitan namin, o direkta mong makukuha mula sa isang third party. Ang iba pang tuntunin at kundisyon na ito ay maaaring may malaking pagkakaiba sa Mga Tuntuning bahagi ng iyong Kasunduan. Responsibilidad mong basahin at unawain ang iba pang tuntunin at kundisyon bago mo tanggapin ang mga iyon. Wala kaming pananagutan para sa anumang tuntunin at kundisyon ng third party.

#### Ang Aming Karapatang Baguhin ang Mga Tuntunin at Rate

Maaari naming baguhin ang anumang bahagi ng Kasunduan anumang oras, nang walang paunang paunawa kasama ang, ngunit hindi ito limitado sa Mga Tuntuning ito, Karagdagang Materyal, rate, rate plan, feature, produkto, bayarin, gastos, lugar ng coverage, roaming partner, destinasyon ng international calling plan, teknolohiya sa pagbibigay probisyon, at Mga Singil para sa iyong Serbisyo. Magkakaroon ng bisa ang mga pagbabago kapag na-post sa website ng Cricket sa [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com). Susubukan naming bigyan ka ng paunawa hinggil sa mahahalagang pagbabago sa pamamagitan ng text message o iba pang praktikal na paraan, ayon sa pagpapasya ng Cricket, ngunit hindi namin ginagarantiyang makakatanggap ka ng paunawa hinggil sa anumang pagbabago. Kung patuloy mong ia-access o gagamitin ang aming Mga Serbisyo o kung patuloy mong tataasan ang balanse ng iyong account sa o pagkalipas ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang pagbabago, tinatanggap mo ang pagbabagong iyon. Huwag i-access o gamitin ang aming Mga Serbisyo pagkalipas ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang pagbabago kung magpapasya kang tanggihan ang pagbabago at kanselahin ang Serbisyo. Hindi ka makakatanggap ng anumang refund o credit para sa hindi nagamit na bahagi ng balanse sa iyong account kung magpapasya kang kanselahin ang Serbisyo bago matapos ang iyong buwanang panahon ng serbisyo.

#### Pagwawakas

Maaaring wakasan ng magkabilang partido ang Kasunduang ito (na magwawakas ng iyong Serbisyo sa Cricket) anumang oras at para sa anumang dahilan. Babayaran mo ang lahat ng Singil hanggang sa makansela ang iyong account. Maaari mo ring hilingin na ilipat ("i-port") namin ang iyong numero sa ibang carrier, at kakanselahin ang Serbisyo para sa numerong iyon kapag nakumpleto na ang pag-port. May karapatan kaming maningil ng bayarin kung hihilingin mong i-port ang iyong numero. Babayaran mo ang lahat ng Singil hanggang sa makumpleto ang pag-port out. Hindi namin magagarantiyang magiging matagumpay ang mga paglilipat ng numero papunta o mula sa amin. Hindi ka makakatanggap ng refund o credit para sa hindi nagamit na bahagi ng iyong account kung magpapasya kang kanselahin ang Serbisyo bago matapos ang iyong buwanang panahon ng serbisyo.

Sumasang-ayon ka na maaari naming limitahan, putulin, suspindihin, o kanselahin ang iyong Serbisyo para sa anumang dahilan, sa sarili naming pagpapasya at nang walang limitasyon at walang paunawa, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa: (a) anumang asal na pinaniniwalaan naming lumalabag sa Kasunduan, sa Mga Tuntuning ito, o sa aming Mga Patakaran; (b) iyong kabiguang magkaroon o magpanatili ng sapat na balanse sa account; (c) kung kikilos kayo sa mapang-abuso, mapanghamak, o katulad na hindi makatwirang paraan sa sinuman sa aming mga kinatawan; o (d) kung may dahilan kami upang maniwalang ginagamit ang iyong Device o ang aming Serbisyo para sa ilegal o mapanlokong layunin, isang Ipinagbabawal na Paggamit, o sa paraang maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa aming Serbisyo.

## Mga Service Plan

Nag-aalok ang Cricket ng mga buwanang service plan para sa Mga Device ("Mga Service Plan"). Maliban na lang kung ipinagbabawal ng mga tuntunin ng iyong partikular na plano o uri ng Device, maaari mong baguhin ang iyong Cricket Service Plan nang dalawang beses sa loob ng anumang buwanang panahon ng serbisyo, bagama't maaari naming ipagbawal o paghigpitan ang anumang pagbabago ng plan na pinaniniwalaan naming lumalabag sa Mga Tuntuning ito o sa anumang naaangkop na Patakaran. Dagdag pa rito, may karapatan kaming baguhin ang Service Plan na mayroon ka kung hindi sinusuportahan ng napili mong Service Plan ang iyong Device. Ang ilang pagbabago sa Service Plan ay maaaring umayon sa pagbabayad ng ilang partikular na singil, at depende sa iyong plan, maaaring hindi mo na makuha ang natitira mong balanse sa Service Plan kung magpapalit ka ng Service Plan. Ang impormasyon tungkol sa aming Mga Service Plan ay available sa [www.cricketwireless.com](http://www.cricketwireless.com).

## Mga Singil

Babayaran mo ang lahat ng Singil para sa Mga Serbisyon nakasaad sa Kasunduang ito, kasama na ang Mga Singil na ginawa ng sinumang pinapayagan mong magkaroon ng direkta o hindi direktang access sa iyong Device, kahit na hindi mo pinahintulutan ang paggamit nito. Kasama sa mga ito ang, ngunit hindi limitado ang mga ito sa, (a) mga buwanang singil sa access; (b) mga singil sa paggamit (kung kasama sa iyong plan ang nakametrong paggamit); (c) mga singil para sa mga feature at add-on; (d) mga buwis, bayarin, at iba pang assessment na ipinapataw ng pamahalaan, na kailangan naming isingil at ibigay sa pamahalaan (upang matukoy ang iyong pangunahing lugar ng paggamit (primary place of use o "PPU") at para sa kung aling hurisdiksyon maniningil ng mga buwis at assessment, kailangan mong ibigay sa amin ang iyong street address; kung hindi ka magbibigay ng address o kung nasa labas ito ng aming Lugar ng serbisyo, magtatakda kami ng PPU para sa iyo sa loob ng Lugar ng serbisyo at maaari naming wakasan ang iyong Serbisyo); (e) iba pang bayarin at singil kasama na ang pag-activate, muling pag-activate, paunang pagbabayad, convenience payment, pag-restock, pag-unlock ng Device, pagpapalit ng SIM, pagpapalit ng numero, mabilis na delivery, pag-upgrade, program, o iba pang bayarin, kasama na ang mga partikular na bayarin sa transaksyon, kaugnay ng Mga Serbisyo at Device na binili mula sa amin (para sa kasalukuyang listahan ng mga bayaring ito, pakitingnan ang aming [page ng suporta para sa mga singil at bayarin](#)); at (f) mga surcharge na

isinisingil at itinatago namin mula sa aming mga customer na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga bayarin sa Pederal o Pang-estadong Universal Service, singil sa pagkontrol, bayarin sa pangangasiwa, at mga buwis o bayarin sa pamahalaan na ipinapataw sa mga kabuuang resibo, benta, at/o ari-arian na ibinabayad namin sa pagbibigay ng Mga Serbisyo sa aming mga customer. Ang mga surcharge ay hindi mga buwis, at hindi kami inaatasan ng pamahalaan na kolektahin ang mga ito mula sa iyo. Kami ang nagtatakda ng rate ng mga singil na ito, at maaaring magbago ang mga halaga. KUNG IREKRAMO ANG ANUMANG SINGIL, DAPAT MO KAMING ABISUHAN SA PASULAT NA PARAAN SA OFFICE OF DISPUTE RESOLUTION, CRICKET WIRELESS, 1025 LENOX PARK BLVD., 5TH FLOOR, ATLANTA, GA 30319 SA LOOB NG 100 ARAW MULA SA PAGPAPATAW SA IYO NG SINGIL, KUNG HINDI, NANGANGAHULUGAN ITONG ISINUKO MO NA ANG IYONG KARAPATANG IREKRAMO ITO AT MAGSAMPA O MAKISALI SA ANUMANG LEGAL NA AKSYON PARA SA NASABING HINDI PAGKAKASUNDO.

### Pagsingil

Hindi ka magkakaroon ng access sa mga detalyadong tala ng paggamit para sa karamihan ng Mga Serbisyo, at hindi ka namin bibigyan ng mga buwanang bill. Maaari mong i-access ang iyong account sa aming website, sa iyong Device, o sa pamamagitan ng pagpunta sa isang store. Susubukan ka naming padalhan ng mga buwanang paalala sa SMS hinggil sa status ng iyong account, ngunit hindi namin magagarantiyang matatanggap mo ang mga ito, o na matatanggap mo ang mga ito bago masuspinde o makansela ang iyong account.

### Mga Pagbabayad at Balanse sa Account

Ang availability ng Mga Serbisyo ay nakadepende sa maaga mong pagbabayad ng lahat ng Singil sa takdang petsa ng mga ito. Kapag nagbayad ang isang customer ng mga good fund sa isang in-store na lokasyon ng isang awtorisadong retailer, makukumpleto ang transaksyon ng customer. Kung hindi ka makakapagbayad sa takdang petsa, masusupinde at/o makakansela ang Mga Serbisyo. Sa pamamagitan ng pagbabayad, magkakaroon ka ng access sa Mga Serbisyo sa loob ng limitadong panahon, at dapat mong gamitin ang Mga Serbisyo sa loob ng nakatakdang palugit; ang anumang nakalaang Mga Serbisyo na hindi nagamit sa isang nakatakdang palugit ay hindi malilipat sa susunod na palugit (hal., hindi nagro-roll over ang Mga Serbisyo). Maaaring mag-iba ang mga singil para sa aming mga Serbisyo at ang tagal ng pagiging available ng Mga Serbisyo. Kung made-deactivate ang iyong account dahil sa hindi pagbabayad, susupindihin ito nang 60 araw. Kung hindi ka makakapagbayad sa iyong account bago matapos ang 60 araw na pagkakasuspinde, makakansela ito. Hindi mare-refund ang mga halagang ibinayad para sa Mga Singil sa Serbisyo, at hindi maililipat, mare-refund, o mapapalitan ng pera ang mga balanse ng account. Kung masusupinde o makakansela ang iyong account sa anumang dahilan, hindi na maibabalik ang anumang natitirang balanse. Kapag nakansela ang iyong account, ire-reassign namin ang numero ng teleponong nauugnay sa iyong account, at hindi mo na magagamit ang numero ng telepono, identification number, o email address na nauugnay sa iyong account. Maaari ka rin naming singilin para sa pag-reactivate ng Serbisyo depende sa kung kailan ka magpapa-reactivate.

## Mga Pagbabayad sa Mga Awtorisadong Retailer Store

Maaari kang personal na magbayad sa Cricket para sa Mga Singil sa mga kalahok na awtorisadong lokasyon ng retailer. Upang makapagbayad sa isang awtorisadong lokasyon ng retailer, dapat ay mayroon ka ng impormasyong kinakailangan upang ma-verify namin ang iyong pagkakakilanlan gaya ng ipinag-aatas ng aming mga patakaran. Maaaring walang access ang retailer sa impormasyon tungkol sa iyong account, o maaaring hindi alam ng retailer kung magkano ang dapat mong bayaran, kaya dapat mong ihanda ang impormasyong ito kapag pumunta ka sa isang retailer upang magbayad. Ang mga pagbabayad sa mga lokasyon ng retailer ay maaaring gamitan ng pera o ng credit o debit card (basta't may kakayahan ang retailer na tumanggap ng mga pagbabayad mula sa mga card na gumagana sa network ng iyong credit o debit card).

Ang kakayahang magbayad sa mga lokasyon ng retailer ay isang serbisyong ibinibigay ng Cricket sa sarili nitong pagpapasya. Walang obligasyon ang Cricket na gawing available ang paraan ng pagbabayad na ito, at maaari nitong ihinto iyon - sa kabuuan o sa isang partikular na retailer - anumang oras nang hindi nagbibigay ng paunawa sa iyo, at nang hindi inaamyendahan ang Mga Tuntuning ito. Kapag nagbayad ka ng Mga Singil sa isang awtorisadong lokasyon ng retailer, aatasan kang magbayad ng bayarin ng tulong sa customer, dagdag pa sa halaga ng iyong Mga Singil. Itinatakda ng Cricket ang halaga ng bayaring ito sa sarili nitong pagpapasya. Maaari nitong pana-panahong baguhin ang halaga ng bayaring ito nang walang paunawa, at maaari nitong pag-iba-ibahin ang halaga ng singil na ito ayon sa lokasyon ng retailer. Maiiwasan mo ang pagbabayad sa singil sa serbisyo na ito sa pamamagitan ng pagbabayad online o sa pamamagitan ng aming IVR. Tingnan ang <https://www.cricketwireless.com/support/billing-and-payments/bill-pay-methods>.

Ituturing ng Cricket na nakumpleto na ang transaksyon sa sandaling magbayad ka sa retailer. Kadalasan, lalabas na kaagad sa iyong Cricket account ang ibinayad mo sa retailer pagkatapos mo mismong magbayad. Gayunpaman, sa ilang mga sitwasyon, maaaring magkaroon ng pagkaantala sa pag-post ng pagbabayad sa iyong account.

Ang retailer ay hindi nagbibigay sa iyo ng serbisyo sa pagbabayad ng bill o serbisyo sa pagpoproseso ng pagbabayad. Responsibilidad mong tiyakin na tumatanggap ang isang Retailer ng mga pagbabayad para sa Mga Singil. Maaaring hindi magawa ng retailer na tumanggap ng mga pagbabayad sa lahat ng oras na bukas sila, dahil sa mga teknikal na problema o kakulangan sa tauhan. Hindi palalawigin ang iyong takdang petsa para sa Mga Singil dahil sarado ang isang retailer - kahit na sarado ito sa loob ng mga karaniwan nitong oras ng negosyo at kahit na hindi inanunsyo ang nasabing pagsasara - o kung hindi nito magawang tumanggap ng pagbabayad dahil sa ibang rason.

## Ang Iyong Cricket Account at Access sa Account

Maaaring kailanganin mong mag-set up ng account para makabili o makagamit ng mga produkto at Serbisyo ng Cricket. Responsibilidad mong tiyaking tumpak at nananatiling updated ang anumang impormasyong ibinibigay mo sa amin kaugnay ng iyong account, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Responsibilidad mo ang anumang aktibidad na nangyayari sa o sa pamamagitan ng iyong account. Hindi namin iginagarantiya ang seguridad ng iyong account, kaya pakitiyak na secure ang iyong mga credential sa pag-access o paggamit ng iyong account, gaya ng iyong password, PIN, o iba pang personal na impormasyon. Maaaring magtakda ng password o PIN ng account para sa iyo. Upang maprotektahan ang seguridad ng iyong account, dapat mong palitan kaagad ang password o PIN na ito pagkatapos i-activate ang iyong account. Kung hindi mo papalitan ang iyong password o PIN, maaaring hindi maging secure ang iyong account. Kung may mapag-aalaman kang anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong account para sa anumang Serbisyo ng Cricket, makipag-ugnayan kaagad sa amin.

Maaari mong pahintulutan ang mga nakatalagang indibidwal (gaya ng mga miyembro ng pamilya) na kumilos sa ngalan mo sa pamamahala ng iyong account, kabilang ang pagbabago o pagdaragdag sa iyong Mga Serbisyo ng Cricket ("Mga Awtorisadong User"). Responsibilidad mo ang lahat ng pagkilos at pagbabagong gagawin ng naturang Mga Awtorisadong User, kabilang ang mga pagbili ng mga produkto at karagdagang Serbisyo ng Cricket. Tahasan mo kaming pinapahintulutan na ibigay ang impormasyon tungkol sa at gumawa ng mga pagbabago sa iyong account sa utos ng sinumang taong magbibigay ng impormasyon na sapat upang tukuyin ka, kahit na hindi itinalaga ang taong ito bilang Awtorisadong User. Dagdag pa rito, sumasang-ayon kang napapailalim sa mga limitasyon at obligasyon sa Kasunduang ito, kabilang ang probisyon sa arbitrasyon at patakaran sa privacy nito ang lahat ng user ng iyong Mga Serbisyo ng Cricket nakatalaga man sila bilang Mga Awtorisadong User (at kabilang ang mga menor de edad). Tungkulin mong ipaalam sa kanila ang kanilang mga limitasyon at obligasyon at na gawing available ang Kasunduang ito.

Pinahihintulutan mo kami o ang aming mga awtorisadong ahente na gumamit ng regular na koreo, predictive o autodialing na kagamitan, email, text messaging, facsimile, o iba pang makatwirang paraan upang makipag-ugnayan sa iyo hinggil sa aming Mga Serbisyo o iba pang usapin na sa tingin namin ay interesante para sa iyo. Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng anumang paraan hinggil sa mga notification na nauugnay sa serbisyo sa customer, o iba pang katulad na impormasyon.

## Mga Device

Ang Cricket ay hindi gumagawa ng anumang Device na ibinebenta namin o maaaring gamitin kasama ng aming Mga Serbisyo, at wala kaming pananagutan para sa anumang depekto, aksyon, o kakulangan ng manufacturer ng Device. Ang mga tanging warranty sa isang Device ay ang mga limitadong warranty na ibinibigay ng manufacturer (KUNG SAAN WALA KAMING

ANUMANG PANANAGUTAN). Ang anumang Device na gagamitin kasama ng aming Serbisyo ay dapat compatible at hindi nakakaantala sa aming Mga Serbisyo, at dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon. Kung gagamitin mo ang sarili mong Device kasama ng aming Serbisyo, dapat ay compatible ito at hindi nakakasira sa aming network. Kung gagamitin mo ang sarili mong Device, maaaring hindi maging available ang ilang partikular na feature at functionality ng network at Device, at/o maaaring hindi gumana nang maayos ang mga ito sa sarili mong Device. Maaari kang pumunta sa [www.cricketwireless.com/cell-phones/bring-your-phone](http://www.cricketwireless.com/cell-phones/bring-your-phone) upang i-verify ang compatibility. May karapatan kaming pigilan kang gumamit ng anumang Device sa aming network. Ang lahat ng performance ng Device ay maaaring mag-iba batay sa mga specification ng iyong Device, kasama na ang mga kakayahan ng processor, software, memory, at storage, at maaaring makaapekto ang performance ng Device sa access sa lahat ng aming Serbisyo. Maaari naming pana-panahong i-program ang Mga Device sa aming network nang malayuan gamit ang software, mga setting ng system, application, feature, o programming, nang walang paunawa, bago i-activate, habang ina-activate, o pagkatapos i-activate ang serbisyo. Babaguhin ng mga ito ang Device na ginagamit mo, at maaaring maapektuhan o mabura ng mga ito ang data na na-store mo sa Device, ang paraan ng pagkaka-program mo sa Device, o ang paraan ng paggamit mo sa Device. Maaaring hindi ka makagamit ng Device hanggang sa makumpleto ang malayuang programming, kahit sa emergency. Ang mga device na binili mula sa Cricket o mula sa anumang awtorisadong lokasyon ng retail ng Cricket ay ibinebenta lang para sa paggamit sa aming Serbisyo, idinisenyo upang sa network lang ng Cricket magamit, at maaaring hindi gumana sa iba pang wireless network. Kapag bumili ka ng Device mula sa Cricket, sumasang-ayon kang i-activate at gamitin ito kasama ng aming Serbisyo. Sumasang-ayon ka rin na hindi ka gagawa, at hindi mo tutulungan ang iba na gumawa, ng anumang pagbabago sa anumang device na bibilhin mo mula sa Cricket o ng programming upang gumana ito sa kahit anong system o network, maliban na lang kung alinsunod sa aming Patakaran sa Pag-unlock ng Device na matatagpuan sa [www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.html](http://www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.html). Nakalaan sa amin ang karapatang i-lock ulit ang anumang Device sa network ng Cricket kapag natukoy naming na-unlock ang Device nang labag sa aming Patakaran sa Pag-unlock ng Device. Nauunawaan at kinikilala mo na ang Mga Device na bibilhin mo sa Cricket ay ibinebenta lang para sa paggamit sa aming network, at mapipinsala kami nang malubha kung gagamitin mo o kung tutulungan mo ang iba na gamitin ang aming Mga Device para sa ibang bagay. Sumasang-ayon ka ring huwag gumawa ng anumang aksyon upang lusutan ang mga limitasyon sa dami ng Mga Device na maaaring bilhin mula sa Cricket. Babayaran mo sa Cricket ang anumang pinsala na magreresulta mula sa mga aksyong ipinagbabawal sa seksyong ito.

#### Pag-unlock ng Device

Kung bumili ka ng Device mula sa Cricket, mayroon itong naka-program na SIM lock upang hindi ito magamit sa mga serbisyo ng iba pang compatible na wireless telephone carrier. Para sa impormasyon tungkol sa kung paano i-unlock ang Device, pakitingnan ang aming Patakaran sa Pag-unlock ng Device sa [www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.html](http://www.cricketwireless.com/legal-info/device-unlock-policy.html).



## Mga Pag-upgrade sa Device

Maaari mong i-upgrade ang iyong Device alinsunod sa Patakaran sa Pag-upgrade ng Device ng Cricket na matatagpuan sa <https://www.cricketwireless.com/support/account-management/upgrade-your-device.html>.

## Impormasyon Tungkol sa Iyong Device

Ang iyong Device at SIM card ay maaaring maglaman ng sensitibong personal na impormasyon (gaya ng pinansyal, pangangalagang pangkalusugan, mga social security number, mga credit card number, mga larawan, mga video) na maaaring nais mong protektahan at hindi ilahad sa iba. Walang pananagutan ang Cricket para sa anumang impormasyon sa iyong Device. Dapat mong alisin ang anumang sensitibong personal na impormasyon sa iyong Device bago mo isauli, ipapalit, i-recycle, o kung hindi man ay ipa-kontrol sa iba ang iyong Device. Maaaring manatili ang impormasyon sa iyong device kahit na alisin mo ang SIM card. Ang impormasyong maiiwan sa iyong Device ay maa-access ng ibang gagamit sa iyong Device.

## Mga Nawala o Ninakaw na Device

Dapat kang makipag-ugnayan sa amin kaagad upang mag-ulat na nawawala o ninakaw na Device. Babayaran mo ang lahat ng Singil na ipapataw sa numero ng iyong telepono hanggang sa i-ulat mo sa amin ang pagnanakaw o pagkawala. Pagkatapos mong i-ulat ang pagnanakaw o pagkawala, responsibilidad mo pa ring tuparin ang iyong mga obligasyon sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pagbabayad ng anumang buwanang bayarin sa Serbisyo. Sumasang-ayon ka rin na makipagtulungan sa imbestigasyon sa panloloko o pagnanakaw, at bigyan kami ng impormasyon at dokumentasyon (kasama na ang anumang patunay ng pagkawala at mga ulat ng pulisya) na maaari naming hilingin nang makatwiran.

## Availability ng Serbisyo at Coverage

Ang availability ng Serbisyo at Mga Serbisyo ng Coverage ay maaaring maputol, maantala, o kung hindi man ay malimitahan dahil sa iba't ibang rason, kasama na ang mga kundisyon ng kapaligiran, pagiging hindi available ng mga radio frequency channel, kapasidad at mga limitasyon ng system, priyoridad sa pag-access ng mga tauhan ng National Security and Emergency Preparedness kung sakaling magkaroon ng sakuna o emergency, koordinasyon sa iba pang system, mga pagbabago at pagkukumpuni ng kagamitan, at mga problema sa mga pasilidad ng mga interconnecting carrier. Hindi namin ginagarantiya ang availability ng wireless network o anumang Wireless na Serbisyo. Dapat ay nasa loob ka ng lugar ng coverage ng Cricket upang makatawag o matawagan. Upang makita ang coverage, [mag-click dito](#). Ang mga mapa ng coverage, na available sa aming website o sa store, ay nagpapakita ng mahusay na pagtatantya ng wireless coverage, at may mga puwang sa coverage na hindi ipinapakita ng

pagtatantyang ito; ang aktwal na coverage ay maaaring mag-iba at maapektuhan ng topograpiya, lagay ng panahon, mga puno, mga gusali, lakas ng signal, mga panahon ng matinding paggamit, kagamitan ng customer, at iba pang salik. Hindi namin ginagarantiya ang coverage, at hindi ipinapakita ng aming mga mapa ang aktwal na coverage o performance ng network. Maaaring bumaba sa 2G na bilis ang international data roaming. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa international roaming, tingnan ang [www.cricketwireless.com/legal-info/cricket-international](http://www.cricketwireless.com/legal-info/cricket-international).

### Mga Rate Plan

Ang mga phone service plan ng Cricket ay nag-aalok ng unlimited na tawag at text at access sa data, depende sa iyong plan at uri ng Device. Ang mga data lang na service plan ng Cricket ay nag-aalok ng nakalaang access sa data na nag-iiba-iba depende sa plan. Sa mga data lang na plan lang maaaring i-activate ang mga tablet at hotspot. Maliban sa Cricket Core Plan at Cricket More Plan, ang lahat ng plan ay mayroong Stream More, isang feature na nakakatulong na makatipid ng data kapag nanonood ng mga video sa pamamagitan ng pag-stream ng ilang partikular na higher-definition video sa kalidad na standard definition, katulad ng DVD (humigit-kumulang 480p). I-activate ng Cricket ang Stream More para sa iyo. Kapag na-activate na, maaari mong i-off ang Stream More o i-on ito ulit anumang oras. Para sa Cricket Core Plan at Cricket More Plan, nililimitahan ang video streaming sa max na 1.5Mbps Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.cricketwireless.com/mobilebroadband](http://www.cricketwireless.com/mobilebroadband).

### Mga Serbisyo ng Tawag

Ang Mga Serbisyo ng Tawag ay karaniwang ibinibigay para sa live na usapan sa pagitan ng dalawang indibidwal. Kung mapapag-alaman ng Cricket na ginagamit mo ang aming Mga Serbisyo ng Tawag para sa mga bagay bukod pa sa live na usapan sa pagitan ng dalawang indibidwal, maaari naming wakasan ang iyong Serbisyo. Ang Mga Serbisyo ng Tawag ay napapailalim sa aming Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit sa [www.cricketwireless.com/aup](http://www.cricketwireless.com/aup).

### Paggamit ng Airtime

Kung kasama sa iyong Serbisyo ang sinusukat na paggamit ng tawag, ang iyong airtime ay sisingilin kada buong minuto, at ang aktwal na paggamit ay ira-round up sa susunod na buong minuto sa pagtatapos ng bawat tawag. Naniningil kami ng isang buong minuto ng paggamit ng airtime para sa bawat bahagi ng huling minuto ng nagamit na airtime. Magsisimula ang airtime para sa mga papalabas na tawag kapag pinindot mo ang SEND (o katulad na key) at para sa mga papasok na tawag kapag nakapagtatag ang tumatawag ng koneksyon sa signal ng aming mga pasilidad. Magwawakas ang airtime kapag pinindot mo ang END (o katulad na key), ngunit kapag lang natanggap at nakumpirma ng aming mga pasilidad ang signal ng pagdiskonekta. Ang lahat ng papalabas na tawag kung saan makakatanggap kami ng signal ng pagsagot o magkakaroon ng hindi bababa sa 30 segundo ng airtime, kasama na ang tagal ng pag-ring, ay

papatawan ng hindi bababa sa isang minutong singil sa airtime. Ang signal ng pagsagot ay karaniwang natatanggap kapag sinagot ang isang tawag, ngunit maaari din itong magmula sa mga voicemail system, pribadong branch exchange, at interexchange switching equipment. Maaaring isama sa airtime ang oras na kinailangan namin upang matukoy na isang partido pa lang ang nagdiskonekta sa tawag, oras upang i-clear ang mga ginagamit na channel, at tagal ng pag-ring. Maaari din magkaroon ng airtime dahil sa iba pang paggamit sa aming mga pasilidad, kasama na ang mga paglalagay at pagkuha ng voicemail, at paglilipat ng tawag. Ang mga tawag na magsisimula sa isang rate period at magtatapos sa ibang rate period ay maaaring singilin sa loob ng panahon kung kailan nagsimula ang tawag.

### Mga Serbisyo sa Data - Mga Pinapayagang Paggamit

Nagbibigay ang Cricket ng Mga Serbisyo ng wireless data at messaging, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa mga feature na maaaring gamitin kasama ng mga serbisyo sa data at wireless na content at application ("Mga Serbisyo sa Data"). Ang aming Mga Serbisyo sa Data ay idinisenyo upang ma-access gamit ang iyong Device para sa mga sumusunod na pinapayagang aktibidad: (a) pag-browse sa web; (b) email; (c) access sa internet; (d) pag-upload at pag-download ng mga ordinaryong application at content sa at mula sa Internet; at (e) paggamit ng mga application at content nang hindi labis na nakakadagdag sa bagal ng network. Sumasang-ayon ka na maaaring gumamit ang Cricket ng anumang makatwirang gawi sa pamamahala ng network, at gagamitin mo lang ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket para sa mga pinapahintulutang aktibidad na ito. Ang Mga Serbisyo sa Data ay napapailalim sa aming Patakarán sa Katanggap-tanggap na Paggamit sa [www.cricketwireless.com/aup](http://www.cricketwireless.com/aup). Ang mga gawi sa pamamahala ng network ng Cricket ay available sa [www.cricketwireless.com/mobilebroadband](http://www.cricketwireless.com/mobilebroadband).

### Mga Serbisyo sa Data - Mga Application at Content

Maaari mong magamit ang aming Mga Serbisyo sa Data upang i-access ang Internet, kung saan magkakaroon ka ng access sa text, mga larawan, video, mga laro, graphics, musika, email, mga application, tunog, at iba pang materyal na pangunahing mula sa mga third party na provider ng content na walang kaugnayan sa Cricket ("Data Content") at kung saan magkakaroon ka ng kakayahang magpadala, tumanggap, at magbahagi ng Data Content. Maaari ka ring bumili ng Data Content mula sa amin o mula sa mga third party gamit ang iyong Device. Ang Cricket ay hindi isang publisher ng Data Content ng third party at wala itong pananagutan para sa anumang opinyon, payo, pahayag, o iba pang impormasyon, serbisyo, o produktong ibinibigay ng mga third party. Ang Data Content ng third party ay maaaring maging nakakapanakit, malaswa, marahas, bastos, hindi naaangkop, mali at mapanlinlang, hindi tumpak, hindi maaasahan, at hindi nababagay para sa mga bata at menor de edad - ikaw lang ang may pananagutan para sa anumang Data Content ng third party na ina-access sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo sa Data. Ang katumpakan, pagiging angkop, content, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon, pakinabang, seguridad, kaligtasan, kakayahang maibenta, kaangkupan para sa isang partikular na layunin, pagpapadala o tamang pagkakasunod-sunod ng anumang

application, impormasyon, o na-download na data ay hindi ginagarantiya o binibigyan ng warranty ng Cricket o anumang provider ng content o iba pang third party. Hindi mananagot sa iyo ang Cricket o ang mga provider ng content, provider ng serbisyo, o iba pang third party nito para sa anumang pagkawala o pinsalang magmumula sa o idudulot ng, sa kabuuan o bahagya, paggamit mo ng anumang impormasyon, application o content, o anumang impormasyon, application, o iba pang content na nakuha sa pamamagitan ng aming Mg Serbisyo sa Data. Ang Data Content ng third party ay maaaring makapinsala sa iyong Device at sa software nito, at wala kaming pananagutan para sa anumang Data Content ng third party na ida-download, ii-install, o gagamitin mo sa aming Mga Serbisyo sa Data.

### Paggamit ng Data

Sinusukat namin ang paggamit ng data ayon sa kilobyte, megabyte o gigabyte, kung saan ang 1024 kilobytes ay katumbas ng 1 megabyte, at ang 1024 megabytes ay katumbas ng 1gigabyte. Upang matukoy ang iyong paggamit ng data, nagkalkula kami kada buong kilobyte, at nira-round up ang aktwal na paggamit sa susunod na buong kilobyte sa pagtatapos ng bawat session ng data. Nagkakaroon ng paggamit ng data sa tuwing kokonekta ang iyong Device sa aming network at magiging bahagi ito ng anumang pagpapadala ng data. Kasama rito ang pagpapadala at pagtanggap ng email, mga text, mga dokumento at content; pag-access ng mga website; at pag-download at paggamit ng mga application at content. Ang ilang application, content, program, at software na ida-download mo o naka-preload na sa iyong Device ay awtomatiko at regular na magpapadala at tatanggap ng data nang wala kang ginagawa at nang hindi mo nalalaman. Halimbawa, ang mga application na nagbibigay ng real-time na impormasyon at impormasyong batay sa lokasyon ay kumokonekta sa aming network at patuloy na nagpapadala at tumatanggap ng na-update na impormasyon. Dagdag pa rito, ang anumang patalastas o mga mensahe o data na nauugnay sa advertiser na ipinapadala sa iyong Device, kahit na ipinadala sa isang application, pati na rin ang anumang mensahe o content na magpapasimula ng tugon sa isang advertisement, ay isasama sa iyong paggamit ng data. Ang network overhead, mga kahilingan sa pag-update ng software, mga notification sa email, at mga kahilingan sa muling pagpapadala na dulot ng mga error sa network ay maaaring makapagpalaki sa paggamit ng data. Sisingilin ka para sa lahat ng paggamit ng data kapag nakakonekta ang iyong Device sa aming network, ikaw man ang nagpasimula ng koneksyon o awtomatiko man itong tumakbo sa background, at matagumpay man ang mga ito o hindi.

### Unlimited na Access sa Data

Kung magsu-subscribe ka sa isang Cricket plan na may unlimited na data, sumasang-ayon kang ang ibig sabihin ng "unlimited" ay may babayaran kang isang buwanang rate para sa Serbisyo sa wireless data ilan mang data ang ginagamit mo. Sumasang-ayon ka ring hindi nangangahulugan ang "unlimited" na ipapadala ang wireless data sa anumang partikular na bilis o na magagamit

mo ang Serbisyo sa data sa anumang paraang pipiliin mo o para sa anumang ipinagbabawal na paggamit sa ilalim ng Mga Tuntuning ito. Kung gagamitin mo ang iyong unlimited data plan sa anumang ipinagbabawal na paraan, maaaring limitahan, paghigpitan, suspindihin, o wakasan ng Cricket ang iyong Serbisyo sa data. Ililipat ka rin namin sa naka-tier na data plan mula sa unlimited data plan at sisingilin ka namin ng mga naaangkop na buwanang bayarin. Pauna ka naming papadalhan ng abiso tungkol sa pagbabagong ito nang hindi bababa sa isang beses sa isang buwan sa pamamagitan ng email, text message, o iba pang naaangkop na paraang tutukuyin namin.

Maaari ding pabagalin ng Cricket ang iyong napoprosesong data anumang oras batay sa mga tuntunin ng iyong data plan kung saan maaaring kasama ang mga pagkakataong lumalampas ang iyong paggamit sa naaangkop at tinutukoy na threshold ng paggamit sa panahon ng anumang buwang termino. Nangangahulugan ang pinabagal na pagproseso ng data na maaari kang makaranas ng binawasang bilis at tumaas na latency na maaaring magdulot ng mas mabagal na pag-load ng mga website at makaapekto sa performance ng mga gawaing malakas sa data, tulad ng video streaming.

Nalalapat ang pinabagal na pagproseso ng data kapag gumagamit ng Mga Serbisyo sa mga oras at sa mga lugar na nakakaranas ng congestion ng network kumpara sa iba pang customer gamit ang parehong cell site. Babalik ang mga karaniwang bilis kapag hindi na congested ang cell site o kapag lumipat sa hindi congested na cell site ang iyong data session, at hindi mababawasan ang bilis sa mga panahon ng congestion ng network sa simula ng panahon ng iyong susunod na buwanang serbisyo, maliban kung lalampas ulit ang iyong paggamit sa naaangkop at tinutukoy na threshold ng paggamit ng data para sa panahon ng susunod buwanang serbisyo na iyon.

Wala nang pagbabawas sa bilis na nauugnay sa mobile network kung gumagamit ka ng Wi-Fi, at hindi ibibilang ang paggamit ng data sa Wi-Fi sa threshold ng buwanang paggamit ng data para sa Serbisyo sa wireless data.

Ang anumang unlimited plan na iniaalok namin ay napapailalim sa Mga Tuntuning ito, kasama ang mga paghihigpit laban sa mga ipinagbabawal na paggamit at maling paggamit at pang-aabuso sa aming Mga Serbisyo at Device, sa anumang makatwirang gawi sa pamamahala ng network, at sa aming Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit sa [www.cricketwireless.com/aup](http://www.cricketwireless.com/aup). Para sa impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang gawi sa pamamahala ng network at performance ng network, pakibisita ang aming Page ng Impormasyon sa Mobile Broadband sa [www.cricketwireless.com/mobilebroadband](http://www.cricketwireless.com/mobilebroadband).

## Paggamit ng Wireless na Serbisyo o Iba pang Wireless na Carrier Network

May mga kasunduan ang Cricket sa iba pang wireless na carrier na nagbibigay-daan sa iyong gumamit ng wireless na Serbisyo sa labas ng wireless network ng Cricket. Sa loob ng U.S. at ilang partikular na teritoryo ng U.S., tinutukoy ang paggamit ng iba pang carrier network bilang

domestic na off-net na paggamit. Tinatawag na internasyonal na roaming o internasyonal na off-net na paggamit ang paggamit ng iba pang carrier network habang bumibiyahe sa ibang bansa. Nakadepende ang off-net na paggamit at internasyonal na roaming sa mga kasunduang mayroon kami sa iba pang wireless carrier sa anumang partikular na panahon, at sa teknolohiya ng network, mga frequency, at functionality ng mga network na iyon. Hindi ginagarantiya at maaaring magbago nang walang abiso ang availability, kalidad ng coverage, at bilis para sa wireless na Serbisyo para sa off-net na paggamit at internasyonal na roaming. Maaari ding bawasan ng Cricket ang bilis (sa 2G o iba pang bilis) o maaari nitong suspindihin ang Serbisyo sa wireless data para sa off-net at internasyonal na roaming anumang oras nang walang abiso at ilanman ang data na nakonsumo mo sa panahon ng buwanang termino.

Mga Limitasyon sa Paggamit ng Iba Pang Wireless na Carrier Network sa U.S.: Kung nagbibigay ang iyong rate plan ng off-net na paggamit, dapat mo pa ring mas gamitin ang iyong Device sa Cricket wireless network. Samakatuwid, kung magbibigay kami sa iyo ng off-net na paggamit, maaaring naming suspindihin, limitahan, o kanselahin ang iyong tuloy-tuloy na paggamot ng mga network ng iba pang carrier kung lalampas ka sa mga sumusunod na off-net na threshold:

- **Tawag** - Kung gagamit ka ng mahigit 750 minuto sa loob ng anumang buwan.
- **Data** - Kung gagamit ka ng mahigit 100 megabyte sa loob ng anumang buwan.
- **Pagmemensahe** - Kung gagamit ka ng mahigit 3.000 mensahe sa loob ng anumang buwan.

Magbibigay kami sa iyo ng abiso kung gagawa kami ng pagkilos dahil lumampas ka sa alinman sa mga threshold na ito.

Para sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa aming coverage, bumisita sa [cricketwireless.com/coverage](http://cricketwireless.com/coverage). Alaming maaaring ikonekta ang iyong Device sa ibang network ng wireless na carrier kahit nasa lugar ka na nasasaklawan ng Cricket network.

Paggamit ng Wireless na Serbisyo habang Nasa Labas ng U.S.: Maaaring kasama sa iyong rate plan ang kakayahang magpadala at tumanggap ng mga tawag at text message at gumamit ng data para sa internasyonal na roaming. Maaaring mag-iba ang coverage sa loob ng iba pang bansa at teritoryo depende sa uri ng Device, plan, at/o package mo, at maaari namin itong baguhin anumang oras nang walang abiso. Para sa mga rate, coverage, bansa, at detalye, bumisita sa [cricketwireless.com/international](http://cricketwireless.com/international). Para sa karagdagang Mga Internasyonal na Tuntunin at Kundisyon na kasama rito sa pamamagitan ng reference, tingnan ang [www.cricketwireless.com/legal-info/cricket-international](http://www.cricketwireless.com/legal-info/cricket-international).

Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi

Mahalagang Impormasyon tungkol sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi

Hindi compatible ang Mga TTY Device sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi: Binibigyang-daan ka ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi na tumawag at mag-text sa pamamagitan ng Wi-Fi kapag limitado o hindi available ang cellular coverage. Dapat itakda ang iyong Device sa Cricket HD Voice at mayroon dapat itong access sa internet. Madidiskonekta ang iyong tawag kapag

nawalan ka ng koneksyon sa internet sa panahon ng voice call sa pamamagitan ng Wi-Fi. Kabilang ang mga pagtawag sa 911. Sa U.S. at sa ibang bansa, maaari kang gumamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi upang tawagan ang mga numero sa U.S. nang walang karagdagang singil (maliban sa mga pagtawag sa 411 at iba pang premium na numero). Nalalapat ang mga internasyonal na long distance rate/plan kapag tumatawag sa mga internasyonal na numero mula sa loob ng U.S. Nalalapat ang mga internasyonal na roaming rate kapag tumatawag sa mga internasyonal na numero habang bumibiyahen sa labas ng U.S. Pinaghihigpitan sa ilang partikular na bansa ang pagtawag sa pamamagitan ng Wi-Fi. Walang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi sa 211, 311, 511, at 811. Tingnan ang [cricketwireless.com/support/mobile-wifi/wifi-calling.html](http://cricketwireless.com/support/mobile-wifi/wifi-calling.html) para sa higit pa.

Pagtawag sa 911 Gamit ang TTY at Real-time na Text: Dahil sa mga teknikal na limitasyon, **hindi maaaring gamitin ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi gamit ang mga TTY device at hindi nito susupportahan ang mga pagtawag sa 911 gamit ang TTY.** Maaaring gumamit ang mga taong may kapansanan sa pagsasalita ng Real Time Text

([www.cricketwireless.com/support/accessibility/real-time-text-rtt](http://www.cricketwireless.com/support/accessibility/real-time-text-rtt)) bilang alternatibo sa TTY.

Maaaring makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng 911 sa pamamagitan ng (1) pagtawag sa 911 gamit ang Real Time Text, (2) pagtawag sa 911 gamit ang TTY device sa pamamagitan ng cellular network o mula sa isang landline na telepono, (3) pagpapadala ng text message nang direkta sa 911, (4) paggamit ng mga serbisyo sa relay para magsagawa ng TTY o mga captioned telephone service (CTS) na tawag mula sa wireless na telepono o mula sa landline na telepono, o (5) paggamit ng mga serbisyo sa relay para magsagawa ng IP Relay o IP CTS call sa pamamagitan ng cellular o IP network.

Pag-route ng Pagtawag sa 911: Sa mga pagtawag sa 911 gamit ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, susubukan munang mag-route sa naaangkop na emergency respond center gamit ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon mula sa iyong Device o, kung hindi iyon magtatagumpay, sa Address para sa Emergency (walang P.O. Box) na nakalagay sa iyong mga setting ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi. Upang i-set up ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, kakailanganin mong maglagay ng address sa US. Maaari mong baguhin ang iyong Address para sa Emergency anumang oras sa pamamagitan ng pagpili sa "I-update ang Address para sa Emergency" sa iyong menu ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi. Upang matiyak ang wastong pag-route ng mga pagtawag sa 911, i-update ang iyong Address para sa Emergency kung kinakailangan. Maaaring maantala o maging hindi available ang serbisyo ng 911 kung hindi available ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon o kung gumagamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi mula sa lokasyong naiiba sa Address para sa Emergency na inilagay mo.

**Kinikilala mong natanggap at naunawaan mo ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa mga pagtawag sa 911 gamit ang Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi bilang customer ng Cricket Wireless, at sumasang-ayon ka rin na kung ida-dial mo ang 911 sa Device na gumagamit ng Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi, maaaring ituring ang awtomatikong impormasyon ng lokasyon na ipinapadala ng iyong Device bilang iyong pansamantalang updated na Address para sa Emergency sa Pagtawag sa Pamamagitan ng Wi-Fi.**

## Mga Serbisyong Batay sa Lokasyon

Ang Cricket ay nangongolekta ng impormasyon tungkol sa tinatayang lokasyon ng iyong Device kaugnay ng aming mga cell tower at Global Positioning System. Ginagamit namin ang impormasyong iyon, pati na rin ang iba pang impormasyon sa paggamit at performance na nakukuha mula sa aming network at sa iyong Device, upang bigyan ka ng mga wireless na serbisyo ng tawag at data, kasama na ang mga serbisyong maaaring ibigay ng mga third party, at panatilihin at pahasayin ang aming network at ang kalidad ng iyong karanasan sa wireless. Maaari din kaming gumamit ng impormasyon ng lokasyon upang gumawa ng pinagsama-samang data na sumusunod sa aming Patakaran sa Privacy. Responsibilidad mong abisuhan ang mga user sa iyong account na maaari kaming mangolekta at gumamit ng impormasyon ng lokasyon mula sa Mga Device. May kakayahan din ang iyong Device na gumamit ng opsyonal na content kapag hiniling mo o ng isang user sa iyong account, na iniaalok ng Cricket o ng mga third party na gumagamit sa impormasyon ng lokasyon ng iyong Device ("Mga Serbisyong Batay sa Lokasyon"). Pakibalik-aralan ang mga tuntunin at kundisyon at ang Patakaran sa Privacy ng Cricket para sa bawat Serbisyong Batay sa Lokasyon upang malaman kung paano gagamitin at poprotektahan ang impormasyon ng lokasyon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Serbisyong Batay sa Lokasyon, pakibisita ang [www.cricketwireless.com/privacy](http://www.cricketwireless.com/privacy).

## Software

Ang software, mga interface, dokumentasyon, data, at content na ibinibigay para sa iyong Device ay maaaring i-update, i-download, o palitan ng mga pagpapahusay sa feature, update sa software, software para sa pag-restore ng system, o data na binubuo o ibinibigay ng Cricket (tatawaging "Software") ay inililisensya, at hindi ibinebenta, sa iyo ng Cricket at/o ng mga tagapag-lisensya/supplier nito para lang sa paggamit sa iyong Device. Hindi ka pinapayagang gamitin ang Software sa anumang paraan na hindi pinahihintulutan ng lisensyang ito. Hindi mo maaaring (at sumasang-ayon kang huwag tulungan ang iba na) kopyahin, i-decompile, i-reverse engineer, i-disassemble, gayahin, subukang kunan ng source code, i-decrypt, baguhin, alisan ng mga pamprotektang mekanismo, isama sa iba pang software, o gawan ng mga derivative na gawa ang Software o anumang bahagi nito. Hindi mo maaaring iparenta, ipaupa, ipahiram, ibenta, muling ipamahagi, ilipat, o i-sublicense ang Software o ang anumang bahagi nito. Sumasang-ayon kang naglalaman ang Software ng pinagmamay-ariang content at impormasyong pag-aari ng Cricket at/o ng mga tagapag-lisensya/supplier nito. May karapatan ang Cricket at ang mga tagapag-lisensya/supplier nito na baguhin, suspindihin, wakasan, alisin, lagyan ng mga limitasyon sa paggamit o access, o tanggalan ng access, ang Software anumang oras nang walang paunawa, at hindi kami magkakaroon ng pananagutan para sa paggawa noon. Tinatanggap mo na ang mga tagapaglisensya/supplier ng Software ng Cricket ay ang mga nakatakdang makikinabang na third party mula sa lisensyang ito, kasama na ang pagbabayad ng pinsala, limitasyon ng pananagutan, at pagtatanggi ng mga probisyon sa warranty na matatagpuan sa Kasunduang ito.

## Intelektwal na Ari-arian



Dapat mong kilalanin ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian ng Cricket, ng aming mga third-party na provider ng content, at ng iba pang may-ari ng intelektwal na ari-arian na may pinoprotektahang ari-arian na maaaring lumabas sa anumang website at/o dialog box na kinokontrol o ina-access sa pamamagitan ng mga website ng Cricket. Maliban sa materyal na nasa pampublikong domain, ang lahat ng materyal na ipinapakita kaugnay ng aming Mga Serbisyo ay naka-copyright at naka-trademark. Maliban sa personal at hindi pang-komersyal na paggamit, ang naka-trademark at naka-copyright na materyal ay hindi maaaring kopyahin, i-download, muling ipamahagi, baguhin o kung hindi man ay samantalahin, nang buo o bahagya, nang walang pahintulot ng may-ari.

#### Mga Ipinagbabawal na Paggamit at ang Maling Paggamit at Pang-aabuso sa Mga Serbisyo at Device

Kapag binili, na-activate, o ginamit mo ang aming Mga Serbisyo o ang anumang Device, sumasang-ayon kang hindi mo gagamitin sa maling paraan o aabusuhin ang aming Mga Serbisyo o Device sa pamamagitan ng paggawa ng alinman sa mga sumusunod: (a) pagbili ng Device nang walang intensyong i-activate o gamitin ito sa aming network; (b) pag-resell o pag-rebill ng aming Mga Serbisyo, o pag-resell ng Mga Device na binili mula sa Cricket; (c) pagbabago ng iyong Device mula sa mga specification ng manufacturer nito; (d) pag-activate ng Device sa isang Service Plan o gamit ang isang feature o produktong hindi ginawa para roon (hal., pag-activate ng 4G Device sa isang Service Plan na para sa mga 4G LTE Device); (e) paggamit ng aming Mga Serbisyo o anumang Device para sa anumang mapanloko o ilegal na layunin; (f) paggamit ng mga serbisyo sa tawag bilang mga serbisyo sa pagsubaybay, para sa pagpapadala ng data, pagsasahimpapawid ng mga broadcast, pagpapadala ng naka-record na materyal, o iba pang koneksyong hindi kinasasangkutan ng tuluy-tuloy na live na usapan sa pagitan ng dalawang indibidwal; o (g) paggamit ng anumang Serbisyo sa paraang nakakasagabal o sobra-sobra kapag ihinambing sa iba pang customer sa iyong lugar na gumagamit ng mga katulad na plan.

Ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket ay hindi idinisenyo upang magamit sa anumang paraan na mayroong mga sumusunod na epekto, at ipinagbabawal ang nasabing paggamit kung ayon sa sariling pagpapasya ng Cricket ay: (a) sumasalungat ito sa naangkop na batas; (b) nakakasagabal ito sa access ng iba pang customer sa wireless network; (c) kinokompromiso nito ang seguridad o kapasidad ng network; (d) labis-labis at wala sa proporsyon itong nakakadagdag sa bagal ng network; (e) mayroon itong negatibong epekto sa mga antas ng serbisyo ng network o sa mga lehitimong daloy ng data; (f) pinapabagal nito ang performance ng network; (g) nagdudulot ito ng pinsala sa network o sa iba pang customer; (h) nagte-tether ito ng Device sa iba pang device (gaya ng computer, smartphone, iba pang telepono, eBook o eReader, media player, laptop, notebook, tablet, mga mobile hotspot, mga gaming console o iba pang device na may mga katulad na function) sa anumang paraan, kasama nang walang limitasyon ang paggamit ng mga connection kit, application, device accessory (gamit ang wired o wireless na teknolohiya), o

paglalagay ng Cricket SIM card sa isang modem, router o laptop, maliban na lang kung nag-subscribe ka sa isang Service plan o feature na partikular na iniaalok para sa pag-tether; (i) nangangailangan ito ng partikular na Service Plan o feature para sa partikular na paggamit na iyon at hindi ka pa nagsa-subscribe sa kinakailangang Service plan o feature na iyon, o (j) labis ito o hindi makatwiran.

Gumagamit ang iyong Device ng Cricket SIM Card upang ma-access ang aming Mga Serbisyo sa Data. Pinagbabawalan kang gumamit ng Cricket SIM Card sa anumang device bukod pa sa isang karaniwang telepono, smartphone, o tablet na Device upang i-access ang aming Mga Serbisyo sa Data.

Ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket ay hindi maaaring gamitin sa anumang paraan na tumatalo, humahadlang o nakakapasok, o sumusubok na talunin, hadlangan, o pasukin ang mga panseguridad na depensa ng aming wireless network o mga system, o ang network o mga system ng ibang entity; na nag-a-access, o sumusubok na mag-access nang walang awtorisasyon, sa mga account ng iba; o may negatibong epekto sa kakayahan ng ibang tao o system na gamitin ang mga wireless na serbisyo ng Cricket o ang mga mapagkukunan sa Internet ng iba pang partido. Halimbawa, kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa, nakakahamak na software o "malware" na idinisenyo, sadya man o hindi sadya, upang pasukin ang isang network o computer system gaya ng mga spyware, worm, Trojan horse, rootkit, at/o crimeware; mga "denial of service" na pag-atake laban sa isang network host o indibidwal na user; at "spam" o hindi hininging pang-komersyal o maramihang email (o mga aktibidad na nagreresulta sa pagpapadala ng hindi hininging pang-komersyal na email o hindi hininging maramihang email). Hindi maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket sa anumang paraan na nagreresulta sa labis at hindi makatarungang bagal ng network, paghadlang sa access ng ibang customer sa network, o pagbagal ng performance ng network sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tuluy-tuloy o hindi napuputol na koneksyon sa serbisyo ng wireless data o aktibong wireless na koneksyon sa Internet. Halimbawa, kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa mga server device o mga host computer application gaya ng mga tuluy-tuloy na camera post o broadcast sa Web, awtomatikong feed ng data, o naka-automate na koneksyong machine-to-machine; "auto-responder," "cancel-bot," o katulad na mga naka-automate o manual routine na nagdudulot ng sobra-sobrang trapiko o nakakagambala sa mga grupo ng user o sa paggamit ng email ng iba; paggamit ng mga serbisyo sa data bilang pamalit o backup para sa mga pribadong linya o mga full-time o nakalaang koneksyon sa data; mga peer-to-peer (P2P) na serbisyo sa pagbabahagi ng file; at software o iba pang device na nagpapanatili ng mga tuluy-tuloy na aktibong koneksyon sa Internet kahit na dapat ay idle ang isang koneksyon o anumang mga "keep alive" na function. Hindi maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket para sa mga application, serbisyo, at content na malakas gumamit ng bandwidth at hindi naka-optimize para sa mga serbisyo ng wireless data ng Cricket, na nagreresulta sa labis-labis na bagal ng network. Kasama rito ang, ngunit ito limitado sa pag-redirect ng mga signal ng telebisyon upang manood sa mga computing device, web broadcasting, at/o ang paggamit ng mga server, telemetry device, o device para sa pagkontrol at pagkuha ng data.

Dagdag pa sa iba pang aksyong maaaring gawin ng Cricket para sa mga paglabag sa Mga Tuntuning ito, kung sa sarili naming pagpapasya ay makatwiran naming pinaniniwalaang

ginagamit mo ang Mga Serbisyo sa Data ng Cricket sa anumang paraan na ipinagbabawal ng Kasunduang ito o ng Patakaran sa Katanggap-tanggap na Paggamit, na maaaring matukoy ng Cricket sa pamamagitan ng pagsusuri sa paggamit ng data ng iyong account, sa mga Device o device na ginagamit sa iyong account, o sa iba pang paraan na mapagpasyahan naming naaangkop, maaari naming gawin ang anuman o lahat ng mga sumusunod na aksyon nang walang paunang paunawa at sa sarili naming pagpapasya: (a) bawasan ang bilis ng iyong Data; (b) limitahan, putulin, o wakasan ang anumang session ng data; (c) suspindihin, kanselahin, o wakasan ang iyong Mga Serbisyo sa Data; (d) wakasan ang iyong account; (e) ilipat ka sa mas naaangkop na Service Plan na may mas matataas na data o high-speed data access allowance; at/o (f) tanggihang i-renew ang iyong wireless na serbisyo.

Sumasang-ayon kang huwag makitungo sa aming mga empleyado, customer, o iba pang tao sa paraang mapang-abuso, mapanghamak, mapang-insulto, mapagbanta, bastos, nakakapanakit, o sa pamamagitan ng hindi makatwirang pananalita o pagkilos; kumilos sa paraang nakakasama, nakakagambala, nakakapinsala, o may negatibong epekto sa aming network at imprastruktura, ari-arian, Mga Serbisyo, Mga Device, mga pagpapatakbo, mga customer, reputasyon, mga karapatan sa intelektwal na ari-arian, o magresulta sa paglalabas ng mapagbanta, mapanakit o ilegal na materyal, o nagdudulot ng spam o iba pang mapang-abusong pagmemensahe o pagtawag, ng panganib sa seguridad, o ng paglabag sa privacy; o lumalabag, sa anumang paraan, sa Mga Tuntuning ito, sa Kasunduan, o sa aming Mga Patakaran.

#### Mga Pamprotektang Hakbang sa Network at Serbisyo

Sa sarili naming pagpapasya, maaari kaming gumawa ng anumang aksyon upang protektahan at panatilihin ang integridad ng aming network, ang aming mga karapatan at ari-arian, ang aming Mga Serbisyo, o ang mga karapatan at interes ng iba, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa (a) pagbabago, nang walang paunang paunawa, sa mga pinapayagan at ipinagbabawal na aktibidad sa data, at sa mga kinakailangan sa pag-optimize para sa iyong Mga Serbisyo sa Data; (b) pakikisangkot sa anumang makatwirang gawi sa pamamahala ng network upang mapabuti ang serbisyo sa customer, upang mabawasan ang congestion sa network, upang makaayon sa mga pagsulong at pagbabago sa teknolohiya, at/o tumugon sa availability ng bandwidth at spectrum ng wireless; (c) pagbabawas sa bilis ng iyong data kahit saan at kahit kailan kung lalampas ang iyong paggamit ng data sa naaangkop na limitasyon sa paggamit; (d) paggamit ng mga makatwirang paraan upang subaybayan at kolektahin ang impormasyon ng paggamit ng customer upang mas ma-optimize ang paggana ng network; (e) pagbabago sa Service Plan na pinili mo at paglipat sa isang Service Plan na tinukoy ng Cricket na naaangkop para sa Device na ginagamit; (f) pagputol, pagsuspende, pagkansela o pagwawakas ng iyong Mga Serbisyo sa Wireless nang walang paunang paunawa; at (g) pag-block ng access sa ilang partikular na kategorya ng numero (hal., 976, 900, at mga international na destinasyon) sa sarili naming pagpapasya. Ang mga gawi sa pamamahala ng network ng Cricket ay available sa [www.cricketwireless.com/mobilebroadband](http://www.cricketwireless.com/mobilebroadband).

## Disclaimer sa Mga Warranty

ANG CRICKET AY HINDI GUMAGAWA NG MGA REPRESENTASYON O WARRANTY, TAHASAN MAN O IPINAHIWATIG, KASAMA NA ANG (HANGGA'T PINAPAYAGAN NG BATAS), NANG WALANG LIMITASYON, ANUMANG IPINAPAHIWATIG NA WARRANTY SA KAKAYAHANG MAIBENTA O KAANGKUPAN PARA SA ISANG PARTIKULAR NA LAYUNIN, KAANGKUPAN, KATUMPAKAN, SEGURIDAD, O PERFORMANCE HINGGILSA AMING MGA SERBISYO NG WIRELESS, DEVICE, APPLICATION, SOFTWARE, O IBA PANG SERBISYONG NAPAPAILALIM SA KASUNDUANG ITO. HINDI NAMIN IPINAPANGAKO O GINAGARANTIYA ANG TULUY-TULOYO O WALANG PROBLEMANG SERBISYO O COVERAGE. AT HINDI NAMIN MATITIYAK SA IYO NA MATATAGPUAN KA KUNG TATAWAG KA SA 911.

## Mga Limitasyon sa Serbisyo at Pananagutan

Sumasang-ayon ka na, maliban na lang kung ipinagbabawal ng batas, nalalapat ang mga sumusunod na limitasyon ng serbisyo at pananagutan at hindi kami responsable ng aming mga parent company, subsidiary, affiliate, vendor, supplier, o tagapag-lisensya para sa anumang pinsala na magresulta mula sa: (a) anumang aksyon o kakulangan ng isang third party; (b) mga pagkakamali, kakulangan, pagkaputol, error, pagpalya sa pagpapadala, pagkaantala, o pagpalya o depekto sa Mga Serbisyo o Software o Mga Device na ibinibigay namin o ibinibigay sa pamamagitan namin; (c) pinsalang dulot ng paggamit ng Mga Serbisyo, Software, o Device, kasama na ang paggamit sa loob ng sasakyan; (d) mga paghahabol na isinampa laban sa iyo ng mga third party; (e) danyos o pinsalang dulot ng pagkakasuspende o pagwawakas ng Mga Serbisyo o Software; (f) danyos o pinsalang dulot ng pagkaputol o pagpalya sa pag-access o pagtatangkang mag-access ng mga serbisyong pang-emergency mula sa isang Device, kasama na sa pamamagitan ng 911, Enhanced 911, o anupamang serbisyong pang-emergency; (g) anumang paghahabol na nauugnay sa kalusugan dahil sa aming Mga Serbisyo o Device; (h) data content o impormasyong na-access habang ginagamit ang aming Mga Serbisyo; (i) pagkawala o paglalahad ng anumang sensitibong impormasyong ipinadala mo; (j) naputol, pumalya, o hindi tumpak na mga serbisyo ng impormasyon ng lokasyon; (k) impormasyon o komunikasyong na-block ng spam filter; (l) pinsala sa iyong Device o anumang computer o kagamitang nakakonekta sa iyong Device, o pinsala sa o pagkawala ng anumang impormasyong naka-store sa iyong Device, computer, kagamitan, o espasyo ng storage sa Cricket, kasama na ang pinsala o pagkawala mula sa paggamit mo ng Mga Serbisyo o mula sa mga virus, worm, o pag-download ng mapanirang content, software, mga materyal, data, text, mga larawan, video, o audio; o (m) mga bagay na hindi namin kontrolado, kasama na ang mga likas na sakuna (gaya ng mga bagyo, buhawi, sunog, lindol, atbp.) kaguluhan, welga, giyera, terorismo, o aksyon ng pamahalaan.

## Limitasyon ng Pananagutan - Walang Kinahihinantang Pinsala

MALIBAN NA LANG KUNG IPINAGBABAWAL NG BATAS, WALANG SITWASYON KUNG SAAN MANANAGOT ANG CRICKET PARA SA ANUMANG HINDI DIREKTA, NAGKATAON, PAMPARUSA, MARAMIHAN, ESPESYAL O ANUMANG URI NG NAGRESULTANG PAGKAWALA O PINSALA NA

MAAARING MARANASAN MO O NG ANUMANG THIRD PARTY DAHIL SA PAGGAMIT NG, O KAWALAN NG KAKAYAHANG GAMITIN ANG, MGA SERBISYO, SOFTWARE, O MGA DEVICE NA IBINIBIGAY NG O IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NG CRICKET WIRELESS, KASAMA NA ANG PAGKAWALA NG NEGOSYO O KABUTIHANG LOOB, KITA O TUBO, O MGA PAGHAHABOL DAHIL SA MGA PERSONAL NA PINSALA. MALALAPAT DIN ANG LIMITASYON AT WAIVER NA ITO KUNG MAGSASAMPA KA NG PAGHAHABOL LABAN SA ISA SA AMING MGA SUPPLIER KUNG KAKAILANGANIN NAMING BAYARAN ANG PINSALA SA SUPPLIER DAHIL SA PAGHAHABOL.

#### Pagbabayad sa Pinsala

Sumasang-ayon kang bayaran ang mga pinsala, protektahan, at huwag panagutin ang Cricket (kasama na ang mga opisyal, direktor at empleyado nito) at ang aming mga parent company, affiliate, vendor, supplier, at tagapag-lisensya mula sa at laban sa anumang uri ng mga pinsala na magmumula sa o may kaugnayan sa, direkta man o hindi direkta, Mga Serbisyo, Device, device, o paggamit ng sinuman sa mga ito (kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pinsala sa sasakyan at personal na pinsala), KASAMA NA ANG MGA PAGHAHABOL NA GANAP O BAHAGYANG MAGRERESULTA MULA SA IPINAPARATANG NA KAPABAYAAN NG CRICKET, o anumang paglabag mo sa Kasunduang ito.

PAGLUTAS SA HINDI PAGKAKASUNDO SA CRICKET SA PAMAMAGITAN NG NAPAPASAILALIM NA ARBITRASYON

PAKIBASA ITO NANG MABUTI. NAKAKAAPEKTO ITO SA IYONG MGA KARAPATAN.

Buod:

Maaaring lutasin ng aming customer service department ang karamihan ng reklamo ng customer nang mabilis at sa kagustuhan ng customer. Bumisita sa [www.cricketwireless.com/contactus](http://www.cricketwireless.com/contactus) upang makipag-ugnayan sa team ng customer service para sa iyong serbisyo ng Cricket. Sa napakabihirang sitwasyon na hindi ka nasiyahan sa solusyon ng customer service (o kung hindi namin nalutas ang hindi pagkakasundo sa pagitan natin pagkatapos itong subukan sa impormal na paraan), sumasang-ayon ang bawat isa sa atin na lulutasin ang mga hindi pagkakasundong iyon sa pamamagitan ng napapasailalim na arbitrasyon o hukuman ng maliliit na paghahabol sa halip na sa mga hukuman ng pangkalahatang hurisdiksiyon.

Ang arbitrasyon ay hindi kasing-pormal ng paghahabla sa hukuman. Ang arbitrasyon ay gumagamit ng walang kinikilingang tagapamagitan sa halip na isang hukom o hurado, may mas limitadong pangangalap ng ebidensya kumpara sa hukuman, at sumasailalim sa napaka-limitadong pagsusuri ng mga hukuman. Ang anumang arbitrasyon sa ilalim ng Kasunduang ito ay isasagawa nang indibidwal; hindi pinapayagan ang mga sama-samang arbitrasyon at sama-samang paghahabla. Para sa anumang paghahabol na may basehan at hindi lalampas ng \$75,000, responsibilidad ng Cricket na bayaran ang lahat ng gagastusin sa arbitrasyon. Bukod pa

roon, kapag gumamit ng arbitrasyon, may karapatan kang mabawi ang mga bayarin sa abugado mula sa Cricket sa halagang halos kapantay ng makukuha mo sa hukuman.

Dagdag pa rito, sa ilang partikular na sitwasyon (gaya ng ipinapaliwanag sa ibaba), babayaran ka ng Cricket nang lampas sa igagawad ng tagapamagitan, at babayaran nito ang iyong abugado (kung mayroon man) nang doble sa makatwiran niyang singil kung gagawaran ka ng tagapamagitan ng halagang lampas sa inialok sa iyo ng Cricket upang aregluhin ang hindi pagkakasundo.

Kasunduan sa Arbitrasyon ng Cricket:

1. **Mga Paghahabol na Napapailalim sa Arbitrasyon:** Sumasang-ayon ka at ang Cricket na idaan sa arbitrasyon ang **lahat ng hindi pagkakasundo at paghahabol** sa pagitan natin, maliban para sa mga paghahabol na nagmumula sa pinsala sa katawan o pagkamatay. Ginawa ang probisyon sa arbitrasyon na ito nang may maraming kahulugan. Kasama rito ang, ngunit hindi ito limitado sa:

- mga paghahabol na nagmumula sa o nauugnay sa anumang aspeto ng ugnayan sa pagitan natin, batay man sa kontrata, tort, panloloko, maling representasyon, o anumang iba pang statutory o common-law legal theory;
- mga paghahabol na gagawin bago ang paggawa sa Kasunduang ito o anumang paunang Kasunduan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga paghahabol na nauugnay sa advertising);
- mga paghahabol sa paghihirap o pinsala sa pag-iisip o emosyon na hindi nagmumula sa pinsala sa katawan;
- mga paghahabol na kasalukuyang paksa ng purported na class action na paglilitis kung saan hindi ka miyembro ng isang certified na class;
- at mga paghahabol na maaaring magmula sa pagwawakas ng Kasunduang ito.

Kasama sa mga pagbanggit sa "Cricket," "ikaw/ka," at "kami/namin" ang aming mga predecessor in interest, successor, at pagtatalaga, at aming mga kaukulang subsidiary, affiliate, nauugnay na entity, ahente, empleyado, at lahat ng awtorisado o hindi awtorisadong user o beneficiary noon, sa kasalukuyan, at sa hinaharap ng Mga Serbisyo o produkto ng Cricket sa ilalim ng Kasunduan noon, sa kasalukuyan, o sa hinaharap sa pagitan natin. Sa kabila ng nabanggit, maaaring gumawa ng pagkilos ang alinmang partido sa hukuman ng maliliit na paghahabol na humihingi lang ng naka-individualize na lunas, hangga't nananatiling nasa hukumang iyon ang pagkilos at hindi ito aalisin o iaapela sa hukuman ng pangkalahatang hurisdiksyon. Ang probisyon sa arbitrasyon na ito ay hindi humahadlang sa iyo na maglapit ng mga isyu sa mga pederal, pang-estado, o lokal na ahensya, kasama na ang, halimbawa, Federal Communications Commission. May kakayahan ang mga nasabing ahensya, kung pinapayagan ng batas, na ihabla kami sa iyong

ngalan. **Sumasang-ayon ka, sa pamamagitan ng pagpasok sa Kasunduang ito, na isinusuko ninyo ng Cricket ang karapatang magkaroon ng paglilitis ng hurado o lumahok sa sama-samang paghahabla.** Ang Kasunduang ito ay katibayan ng isang transaksyon sa komersyong pang-interstate, kung kaya't nananaig ang Federal Arbitration Act sa pagbibigay-kahulugan at pagpapatupad ng probisyong ito. Mananatiling may bisa ang probisyong ito ng arbitrasyon sa pagwawakas ng Kasunduang ito.

- 2. Paunawa sa Hindi Pagkakasundo Bago ang Arbitrasyon:** Ang isang partidong naghahangad ng arbitrasyon ay dapat munang magpadala sa kabilang partido ng nakasulat na Abiso sa Hindi Pagkakasundo ("Abiso") na nagbibigay ng impormasyon na magbibigay-daan sa mahusay na pagsisiyasat sa paghahabol upang magkaroon ng naaangkop na resolusyon bago maghain ng arbitrasyon. Maaari mong i-download ang form ng Abiso sa [www.cricketwireless.com/legal-info/notice-of-dispute](http://www.cricketwireless.com/legal-info/notice-of-dispute). Maaaring ipadala ang Paunawa sa Cricket ng serbisyo ng koreo o propesyonal na courier sa U.S. sa Manager – Paglutas at Arbitrasyon sa Hindi Pagkakasundo, Cricket Wireless, 1025 Lenox Park Blvd., Atlanta, GA 30319 (ang "Address para sa Abiso"), o, kung hindi ay maaari itong isumite sa electronic na paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa [www.cricketwireless.com/legal-info/notice-of-dispute](http://www.cricketwireless.com/legal-info/notice-of-dispute). Kasama dapat sa Paunawa ang lahat ng impormasyong hinihiling sa form ng Paunawa, kabilang ang (a) iyong pangalan; (b) iyong account number; (c) ang mga serbisyo (kung mayroon man) kung tungkol saan ang iyong paghahabol; (d) paglalarawan ng katangian at batayan ng paghahabol o hindi pagkakasundo; (e) pagpapaliwanag ng partikular na lunas na hinihingi at batayan ng pagkalkula; at (f) iyong lagda. Pinapahalagahan namin ang iyong privacy at pinoprotektahan ito ng batas. Kung humiling ka sa isang abogado na isumite ang iyong Paunawa para sa iyo, kasama din dapat sa Paunawa ang iyong nilagdaang pahayag na nagbibigay ng pahintulot sa Cricket na ihayag ang impormasyon sa privacy tungkol sa iyo (gaya ng mga tala ng iyong account at paggamit) sa iyong abogado kung kinakailangan ito sa pagresolba sa iyong paghahabol.

Kung hindi kayo magkakasundo ng Cricket sa pagresolba sa paghahabol sa loob ng 60 araw matapos matanggap ang Paunawa, ikaw o ang Cricket ay maaaring magpasimula ng arbitrasyon. (Kung ipapadala mo o namin ang hindi kumpletong Paunawa sa kabilang partido, magsisimula lang ang 60 araw pagkatapos matanggap ang kumpletong Paunawa). Maaari kang mag-download ng form upang magpasimula ng arbitrasyon sa [www.cricketwireless.com/arbitration-forms](http://www.cricketwireless.com/arbitration-forms). Dagdag pa, kasalukuyang available ang impormasyon tungkol sa kung paano magsimula ng arbitrasyon, kabilang ang kung paano maghain ng arbitrasyon ng consumer online sa [www.adr.org/support](http://www.adr.org/support). Dapat na magpadala ng kahilingan ng arbitrasyon sa Address para sa Paunawa na nakalista sa itaas.

- 3. Proseso ng Arbitrasyon:** Ang arbitrayon ay mapapailalim sa Mga Panuntunan sa Komersyal na Arbitrasyon ("Mga Panuntunan ng AAA") ng American Arbitration Association ("AAA") sa panahong iyon na binago ng probisyon ng arbitrasyon na ito, at

papangasiwaan ito ng AAA. (Kung hindi available ang AAA, dapat pumili ang mga partido ng isa pang provider ng arbitrasyon o, kung hindi magkakasundo ang mga partido sa isang provider, dapat itong piliin ng hukuman). Makikita ang Mga Panuntunan ng AAA online sa [www.adr.org](http://www.adr.org) o sa pamamagitan ng pagsulat sa Address para sa Paunawa. (Maaari kang makakuha ng impormasyong idinisenyo para sa mga hindi abugado tungkol sa proseso ng arbitrasyon sa [www.cricketwireless.com/arbitration-information](http://www.cricketwireless.com/arbitration-information)). Ang lahat ng isyu ay pagpapasyahan ng tagapamagitan, maliban sa mga isyung nauugnay sa saklaw at kakayahang maipatupad ng probisyon ng arbitrasyon o kung hukuman ang dapat magpasya kung ang hindi pagkakasundo ay maaari o dapat dalhin sa arbitrasyon. Maaaring isaalang-alang ng tagapamagitan na magdesisyon sa iba pang arbitrasyon kasama ang iba't ibang customer, ngunit hindi mapapailalim ang desisyon ng tagapamagitan sa mga paglilitis kasama ang iba't ibang customer. Maliban na lang kung iba ang mapagkakasunduan ninyo ng Cricket, ang anumang pagdinig ng arbitrasyon ay isasagawa sa county (o parokya) ng address na nauugnay sa numero ng iyong telepono. Kung ang iyong paghahabol ay nagkakahalaga ng \$10,000 pababa, at hindi ito bahagi ng Paghahain ng Maraming Kaso sa ilalim ng Mga Panuntunan ng AAA, sumasang-ayon kami na maaari mong piliin kung isasagawa ang arbitrasyon batay lang sa mga dokumentong isinumite sa tagapamagitan, sa pamamagitan ng pagdinig gamit ang telepono, pakikipagkumperensya sa pamamagitan ng video, o sa pamamagitan ng personal na pagdalo sa pagdinig gaya ng nakasaad sa Mga Panuntunan ng AAA. Kung lampas sa \$10,000 ang iyong paghahabol, o bahagi ito ng Paghahain ng Maraming Kaso sa ilalim ng Mga Panuntunan ng AAA, ibabatay sa Mga Panuntunan ng AAA ang karapatan sa pagdinig. Sa panahon ng arbitrasyon, ang halaga ng anumang alok mo o ng Cricket ay hindi ilalahad sa tagapamagitan hanggang sa tukuyin ng tagapamagitan ang lunas na dapat mong matanggap o ng Cricket, kung mayroon man. Anuman ang paraan ng pagsasagawa sa arbitrasyon, dapat magbigay ang tagapamagitan ng nakasulat na paliwanag ng desisyon na sapat upang maipaliwanag ang mahahalagang natuklasan at kongklusyon na pinagbatayan ng kanyang desisyon. Maliban sa nasa subsection 6, ang mga tagapamagitan ay maaaring maggawad ng mga pinsala at kabayaranang kapareho ng maaaring igawad ng isang hukuman sa ilalim ng naaangkop na batas.

- 4. Mga Bayarin sa Arbitrasyon:** Kung magsisimula ng arbitrasyon ang Cricket o kung magsisimula ka ng arbitrasyon ng mga paghahabol na nagkakahalaga ng \$75,000 pababa, babayaran ng Cricket ang lahat ng bayarin sa paghahain, pamamahala, pamamahala ng kaso, pagdinig, at tagapamagitan, hangga't sinusunod mo ang lahat ng kinakailangan sa subsection 2 para sa anumang arbitrasyon na sisimulan mo. Sa mga ganitong sitwasyon, babayaran ng Cricket ang bayarin sa paghahain nang direkta sa AAA pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingan mula sa iyo sa Address para sa Paunawa o, kung aatasan ka ng AAA na bayaran ang bayarin sa paghahain upang magsimula ng arbitrasyon, agad na isasaays ng Cricket na i-reimburse sa iyo ng AAA ang bayarin sa paghahain na iyo at ire-remite ang bayarin sa paghahain sa AAA mismo. Kung hihingi ka ng lunas na nagkakahalaga ng mahigit \$75,000, papangasiwaan ng Mga Panuntunan ng AAA ang pagbabayad sa mga bayarin sa paghahain, pamamahala, pamamahala sa kaso, pagdinig, at tagapamagitan ng AAA. Dagdag pa, kung matutuklasan ng tagapamagitan na walang batayan ang dahilan ng iyong paghahabol o



ang halagang hinihingi sa kahilingan ng arbitrasyon, o kung para sa hindi nararapat na layunin ang mga ito (gaya ng isinasaad ng mga pamantayang matatagpuan sa Federal Rule of Civil Procedure 11(b)), ang pagbabayad ng lahat ng nasabing bayarin ay mapapailalim sa Mga Panuntunan ng AAA. Sa ganoong sitwasyon, sumasang-ayon kang bayaran ang Cricket para sa lahat ng halagang binayaran nito na dapat ay obligasyon mong bayaran sa ilalim ng Mga Panuntunan ng AAA.

5. **Alternatibong Bayad at Premium ng Abugado:** Kung susundin mo ang lahat ng kinakailangan sa subsection 2 at magbibigay ng gantimpala ang tagapamagitan na para sa iyo na mas malaki sa halaga ng huling nakasulat na alok na bayad ng Cricket na ginawa bago pinili ang tagapamagitan, gagawin ng Cricket ang sumusunod:

- babayaran ka ng halaga ng gantimpala o \$10,000 ("Alternatibong Bayad"), alinman ang mas malaki; at
- babayaran ang abugadong papanatilihin mo, kung mayroon man, ng halaga ng mga bayarin sa mga abudo nang doble na makatuwirang nakuha at ire-reimburse ang anumang makatuwirang nakuhang bayarin (kabilang ang mga bayarin at gastusin sa ekspertong saksi) na makatuwirang makukuha ng iyong pinapanatiling abugado para sa pagsisiyasat, paghahanda, at pagsasampa ng iyong paghahabol sa arbitrasyon ("Premium ng Abugado").

Kung hindi nagbigay ang Cricket ng nakasulat na alok upang aregluhin ang hindi pagkakasundo bago makapili ng tagapamagitan, dapat ninyong matanggap ng iyong abugado ang kaukulang Alternatibong Bayad at ang Premium ng Abugado, kung gagawaran ka ng tagapamagitan ng anumang pinsala batay sa ebidensya. Maaaring lutasin ng tagapamagitan ang mga hindi pagkakasundo at maaari siyang gumawa ng mga desisyon hinggil sa pagbabayad reimbursement ng mga bayarin at gastusin ng mga abugado, Alternatibong Bayad, at Premium ng Abugado pagkatapos ng kahilingan mula sa alinmang partido na ginawa sa loob ng 14 araw mula sa desisyon ng tagapamagitan tungkol sa mga ebidensya. Sa pagsusuri kung mas malaki kaysa sa halaga ng huling nakasulat na alok na bayad ng Cricket ang gantimpala kung saan kasama ang mga bayarin at gastusin ng mga abugado, bahagi ng gantimpalang kumakatawan sa mga bayarin at gastusin sa abugado lang dapat ang kasama sa kalkulasyon na makatuwiran mong nakuha sa pagsasagawa ng arbitrasyon hanggang sa petsa ng alok ng Cricket. Sumusuporta ang karapatan sa Premium ng Abugado sa anumang karapatan sa mga bayarin at gastusin sa abugado na maaaring mayroon ka sa ilalim ng naaangkop na batas. Kaya kung karapat-dapat kang makatanggap ng mas malaking halaga sa ilalim ng naaangkop na batas, hindi mapipigilan ng probisyong ito ang tagapamagitan na igawad sa iyo ang halagang iyon. Gayunpaman, hindi ka maaaring makatanggap ng Premium ng Abugado at dobleng kabayaran para sa mga bayarin o gastos sa abugado. Bagama't alinsunod sa ilang batas ay maaaring may karapatan ang Cricket na

makatanggap ng pinsala para sa mga bayarin at gastos sa abogado kung mananalo ito sa arbitrasyon, sumasang-ayon ang Cricket na hindi ito hihingi ng nasabing kabayaran maliban kung nagpanatili ka ng abugado at natukoy na walang kabuluhan o inihain para sa maling layunin.

6. **Kinakailangan sa Indibidwal na Arbitrasyon:** Maaari lang maggawad ng lunas ang tagapamagitan (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pinsala, restitution, declaratory relief, at injunctive relief) hangga't kinakailangan lang upang maibigay ang danyos na nararapat para sa indibidwal na paghahabol ng partidong iyon. SUMASANG-AYON KAYO NG CRICKET NA MAAARI LANG KAYONG MAGSAMPA NG PAGHAHABOL LABAN SA ISA'T ISA SA SARILI NIYONG INDIBIDWAL NA KAPASIDAD, AT HINDI BILANG ISANG NAGDEDEMANDA O MIYEMBRO NG GRUPO SA ANUMANG SAMA-SAMA MAY KINATAWANG PAGDINIG, O KARANIWANG PAGLILITIS NG PRIBADONG ABUGADO. Dagdag pa rito, maliban na lang kung iba ang mapapagkasunduan ninyo ng Cricket, hindi maaaring pagsamahin ng tagapamagitan ang mga paghahabol ng mahigit sa isang tao o entity, at hindi siya maaaring mangasiwa sa anumang anyo ng may kinatawan o sama-samang pagdinig, o karaniwang pagdinig ng pribadong abugado. Kung, pagkatapos ng paggamit ng lahat ng apela, mayroong alinman sa mga probisyong ito tungkol sa hindi naka-individualize na lunas; mga paghahabol na sama-sama, kinatawan, at karaniwang paghahabol ng pribadong abugado; at pagsasama na hindi naipapatupad kaugnay ng isang partikular na paghahabol o kaugnay ng isang partikular na kahilingan para sa lunas (tulad ng kahilingan para sa injunctive relief), sumasang-ayon ang mga partido na ang naturang paghahabol o kahilingan para sa lunas ay pagpapasyahan ng isang hukuman pagkatapos litisin ang lahat ng iba pang paghahabol at kahilingan para sa lunas.
7. **Mga Pagbabago sa Probisyon sa Arbitrasyon sa Hinaharap:** Sa kabila ng anumang sumasalungat na probisyon sa Kasunduang ito, sumasang-ayon kami na kung gagawa ang Cricket ng anumang pagbabago sa probisyong ito ng arbitrasyon sa hinaharap (maliban sa pagbabago sa Address ng Paunawa) sa loob ng iyong panahon ng serbisyo, maaari mong tanggihan ang anumang nasabing pagbabago sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng nakasulat na paunawa sa loob ng 30 araw pagkatapos ng nasabing pagbabago sa Address para sa Paunawa na nakalagay sa itaas. Kapag tinanggihan mo ang anumang pagbabago sa hinaharap, ang ibig sabihin ay sumasang-ayon kang magiging alinsunod sa nilalaman ng probisyong ito ang arbitrasyon para sa anumang hindi pagkakasundo sa pagitan natin.
8. **Mga Customer sa Puerto Rico:** Para sa mga customer sa Puerto Rico, maunawaan dapat na tumutukoy sa Puerto Rico Telecommunications Regulatory Board ang lahat ng pagbanggit sa "hukuman ng maliliit na paghahabol" sa probisyon sa arbitrasyon na ito.

Mga Tuntuning Nalalapat sa Mga Partikular na Estado at Puerto Rico

California: Mga Hindi Awtorisadong Singil

Wala kang pananagutan para sa mga singil na hindi mo pinayagan, ngunit ang katotohanang ginamit ang iyong Device para sa pagtawag ay ebidensyang may awtorisasyon ang pagtawag. Maaaring kasama sa mga hindi awtorisadong singil ang mga pagtawag sa o mula sa iyong Device pagkatapos itong mawala o manakaw. Kapag nai-ulat mo na sa amin na nawala o ninakaw ang Device at nasuspende na ang iyong Device, hindi mo na kailangang bayaran ang mga kasunod na singil na magmumula sa Device na iyon. Maaari mong iulat ang iyong Device bilang nawawala o ninakaw at suspindihin ang Mga Serbisyo nang walang bayad sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa amin sa 1-800-274-2538, sa pamamagitan ng pagtawag sa 611 mula sa iyong wireless Device, o online sa [www.cricketworkless.com](http://www.cricketworkless.com). Kung aabisuhan mo kami tungkol sa anumang singil sa iyong bill na sinasabi mong hindi awtorisado, sisiyasatin namin ito, at ipagbibigay-alam namin sa iyo ang resulta ng aming pagsisiyasat sa loob ng 30 araw. Kung hindi ka sang-ayon sa resulta, maaari kang magsampa ng reklamo sa California Public Utilities Commission, at maaaring may iba ka pang karapatang legal.

#### Connecticut: Mga Tanong Tungkol sa Iyong Serbisyo

Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong Wireless na Serbisyo ng Cricket, pakitawagan ang Customer Care sa 1-800-274-2538 o i-dial ang 611 mula sa iyong wireless na telepono, o pumunta sa [www.cricketworkless.com](http://www.cricketworkless.com). Kung isa kang customer sa Connecticut at hindi namin malutas ang iyong problema, mayroon kang opsyong makipag-ugnayan sa Department of Public Utility Control (DPUC). Online: <https://portal.ct.gov/pura>; Telepono: 1-866-381-2355; Mail: Connecticut DPUC, 10 Franklin Square, New Britain, CT 06051.

#### Puerto Rico

Kung isa kang customer sa Puerto Rico at hindi namin maresolba ang iyong isyu, maaari mong abisuhan ang Telecommunications Regulatory Board of Puerto Rico tungkol sa karaingan mo. Mail: 500 Ave Roberto H. Todd, (Parada 18), San Juan, Puerto Rico 00907-3941; Telepono: 1-787-756-0804 o 1-866-578-5500; Online: <https://jrtp.pr.gov>, bilang karagdagan sa pagkakaroon ng available na arbitrasyon, gaya ng nakasaad sa itaas.

#### Mga Tuntuning Nalalapat sa Mga Subscriber na Nagbabayad sa Pamamagitan ng Third-Party

Ang iyong paggamit ng Wireless Service ay alinsunod sa Mga Tuntuning nakatakda rito at anumang karagdagang tuntunin at kundisyong ipinapataw ng awtorisadong third party na nangongolekta ng iyong buwanang bayad sa serbisyo bilang bahagi ng subscription program. Patungkol sa anumang usapin ng pagbabayad o pagiging kwalipikado sa program, kung sakaling magkaroon ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga tuntunin at kundisyon sa Mga Tuntuning ito at mga tuntunin at kundisyon sa kasunduan sa subscription program ng third party, ang mga tuntunin ng nasabing kasunduan sa third party ang magkokontrol. Bilang karagdagan, bilang isang subscriber na nagbabayad sa pamamagitan ng third party, maaaring limitahan ang iyong

kakayahang subaybayan o baguhin ang mga detalye ng iyong account sa paggamit ng data sa cricketwireless.com o sa pamamagitan ng myCricket app.

#### Iba Pang Mahalagang Tuntunin at Probisyon

**PAGTATALAGA:** Maaaring italaga ng Cricket ang Kasunduang ito; ngunit hindi mo maaaring italaga ang Kasunduang ito nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot. **KAKAYAHANG MAHIWALAY:** Kung may anumang probisyon ang Kasunduang ito na mapag-aalamang hindi maipapatupad ng isang hukuman o ahensyang may tamang hurisdiksiyon, mananatiling may ganap na bisa ang mga natitirang probisyon. Ang naunang nabanggit ay hindi nalalapat sa pagbabawal laban sa mga sama-sama o may kinatawang aksyon na bahagi ng probisyon ng arbitrasyon; kung mapag-alamang hindi maipapatupad ang pagbabawal na iyon, mapapawalang-bisa ang probisyong iyon ng arbitrasyon (at tanging ang probisyon ng arbitrasyon lang). **MANANAIG NA BATAS:** Ang batas ng estado kung saan matatagpuan ang numero ng iyong telepono batay sa aming mga record ang mananaig sa Kasunduang ito, maliban na lang kung nasasapawan ng o sumasalungat sa naaangkop na pederal na batas ang nasabing batas. Kung sakaling magkaroon ng hindi pagkakasundo sa pagitan natin, ang batas ng estado kung saan matatagpuan ang numero ng iyong telepono batay sa aming mga record sa panahon ng pagsisimula ng hindi pagkakasundo, sa paglilitis man o sa arbitrasyon, ang mananaig, maliban na lang kung nasasapawan ng o sumasalungat sa naaangkop na pederal na batas ang nasabing batas. **WIKANG ENGLISH:** Ang orihinal na bersyon ng Kasunduang ito ay nasa wikang English. Ang anumang pagkakaiba o salungatan sa pagitan ng bersyong English at ng anumang bersyon sa ibang wika ay reresolbahin batay sa pagbibigay-kahulugan sa bersyong English. **BUONG KASUNDUAN:** Kinakatawan ng Kasunduang ito ang buong kasunduan sa pagitan mo at ng Cricket, at mananaig ito sa anuman at lahat ng naunang kasunduan at pagkakaunawaan hinggil sa paksa ng Kasunduang ito. **PANANATILI NG BISA:** Ang mga probisyong iyon ng Mga Tuntuning ito na maipapatupad pa rin kahit na magwakas ang Mga Serbisyo (kasama na ang pagresolba ng hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng legal na arbitrasyon, mga disclaimer sa warranty, mga limitasyon sa pananagutan), ayon sa katangian ng mga ito, ay mananatiling may bisa kahit na magwakas ang Mga Serbisyo.